# *ANDYLEEN FEJE*

Si Andyleen C. Feje, mas kilala bilang Andy, ay tubong Quezon, Nueva Ecija. Siya ay kasalukuyang kumukuha ng Sertipiko sa Panitikan at Malikhaing Pagsulat sa Filipino, sa Polytechnic University of the Philippines (PUP). Siya ay nagtapos ng Bachelor of Arts in Language and Literature sa Central Luzon State University (CLSU). Siya ay fellow ng sumusunod: Ikalawang Palihang Lazaro Francisco, Pamiyabe19, Ikalawang Pambansang Palihang Multi-Genre ng PUP, at Ateneo National Writers Workshop (ANWW17). Kasalukuyan din siyang bahagi ng Atsara Collective, Silay Mata People's Theatre Organization, at Bahaghari - Metro Manila.

# KUNG PAANONG NAGLAHO SI JC

“JC, JC, hindi pa umuuwi ‘yong kalapati ko,” sabi ng batang may-ari ng kalapati, habang paulit-ulit na hinihigit ang damit ni JC.

“Ah, gano’n ba? Sige akong bahala,” agad na sagot ni JC.

Makapangyarihan si JC. Kaya n’yang patagin ang bundok, biyakin ang dagat, pagalawin ang mga ulap—kaya n’yang gawin ang lahat.

Habang abala sa pakikipaglaro ang kalapati sa mga kapwa nito ibon sa plaza ay bigla itong nakaramdam ng gutom.

Agad na bumalik ang kalapati sa bahay ng kanyang amo.

Masayang sinalubong ng amo ang kaniyang kalapati. At agad itong pinakain. Hinimas pa n’ya ang ulo nito habang tumutuka-tuka.

Nang matapos kumain ang kalapati ay agad na lumipad ang kalapati pabalik sa plaza.

“JC, JC, umalis na naman ‘yong kalapati ko. Gusto ko pa sanang makipaglaro sa kaniya,” sabi ng batang may-ari ng kalapati, habang paulit-ulit na hinihigit ang damit ni JC.

“Ah, gano’n ba? Sige akong bahala,” agad na sagot ni JC.

Makapangyarihan si JC. Kaya n’yang patagin ang bundok, biyakin

ang dagat, pagalawin ang mga ulap—kaya n'yang gawin ang lahat.

Habang abala sa pakikipaglaro ang kalapati sa mga kapwa nito ibon sa plaza ay biglang bumuhos ang ulan.

Agad na bumalik ang kalapati sa bahay ng kaniyang amo.

Masayang sinalubong ng amo ang kaniyang kalapati. Agad n'ya itong pinunasan ng labakara. Niyakap.

Nang tumila ang ulan ay agad na lumipad ang kalapati pabalik sa plaza.

"JC, JC, umalis na naman ang kalapati ko. Gusto ko pa naman siyang turuan ng tricks," sabi ng batang may-ari ng kalapati, habang paulit-ulit na hinihigit ang damit ni JC.

"Ah, gano'n ba? Sige akong bahala," agad na sagot nito.

Makapangyarihan si JC. Kaya n'yang patagain ang bundok, biyakin ang dagat, pagalawin ang mga ulap—kaya n'yang gawin ang lahat.

Habang abala sa pakikipaglaro ang kalapati sa mga kapwa nito ibon sa plaza ay biglang may dumating na mga batang hamog. Pilit silang hinuhuli.

Agad na bumalik ang kalapati sa bahay ng kaniyang amo.

Masayang sinalubong ng amo ang kaniyang kalapati. Agad 'tong niyakap. Saka ipinakita ang mga gagamitin nila sa pag-aaral ng tricks.

Panandaliang nakalimutan ng kalapati ang mga kapwa nito ibon at ang plaza. Masayang-masaya ang kaniyang amo.

Panandaliang walang humihigit at nangungulit kay JC. Nakaramdam s'ya ng kalungkutan.

Pagkatapos ng maraming araw ay bumalik ang kalapati sa plaza, ngunit hindi na para makipaglaro sa mga kapwa n'ya ibon. Kasama ng kalapati ang kaniyang amo para magtanghal sa mga tao sa plaza.

Makapangyarihan si JC. Kaya n'yang patagin ang bundok, biyakin ang dagat, pagalawin ang mga ulap—kaya n'yang gawin ang lahat. Ginawa n'yang kalapati ang sarili.